

Magsisimula na ang Bagong Organics Diversion Law!

Epektibo sa Enero 1, 2022

Iniaatas sa **SB 1383** na ang lahat ng generator na i-recycle ang organikong basura at ang ilang komersyal na negosyo ay ibigay ang makakain pang pagkain sa mga kukuhanang organisasyon.

Kabilang sa organikong basura ang:

Itinapong pagkain, papel na narumihan ng pagkain, hindi nakakasamang kahoy, papel at cardboard fiber, at dumi ng hayop.

Dapat ibigay ng mga sumusunod na entidad ang sobrang makakain pang pagkain simula Enero 1, 2022:

- Mga Supermarket
- Mga pamilihan na may kabuuang laking katumbas ng o mas Malaki sa 7,500 ft²
- Mga distributor sa pagsisilbi ng pagkain
- Mga wholesale na pamilihan ng pagkain

Dapat ibigay ng mga sumusunod na entidad ang sobrang makakaing pagkain simula Enero 1, 2024:

- Mga restawran na may 250 o higit pang upuan, o may kabuuang laki na >5,000 ft²
- Hotel na may pasilidad ng pagkain at 200 o higit pang silid
- Pasilidad na pangkalusugan na may pasilidad g pagkain at 100 o higit pang higang
- Malaking venue o Malaking kaganapan
- Ahensya ng estado na may cafeteria na may 250 o higit pang upuan o ang kabuuang laki ng pasilidad ng cafeteria ay >5,000 ft²
- Pasilidad ng Lokal na Ahensya ng Edukasyon na may pasilidad ng pagkain

Mayroong LIBRENG Teknikal na Tulong!

Mangyaring bisitahin ang aming website pare sa maipi-print na karatula, mapagkukunan para sa donasyon ng pagkain, at pinakabagong impormasyon tungkol sa pagre-recycle.

LIBRENG mga recycling bin, poster, at iba pang materyados habang mayroon pang mga suplay.



County ng San Diego Department of Public Works Solid Waste Planning and Recycling

5510 Overland Ave
Suite 210, MS-0350
San Diego, CA 92123

858-694-2456

Recycle@sdcounty.ca.gov
<https://tinyurl.com/businessrecycling>



County ng San Diego

Gabay sa Pagre-recycle para sa mga Negosyo

Ang iyong gabay para matutunan kung paano sumunod sa mga batas ng estado at lokal na batas sa pagre-recycle

Mga karagdagang mapagkukunan na makukuha MO:
LIBRENG Teknikal na Tulong
Mga LIBRENG Recycling Bin



Mabuti sa negosyo ang pagre-recycle!

Ang pagre-recycle ay may tatlong benepisyo - pinansyal, panlipunan, at pangkapaligiran.

Ang tamang sukat ng basura at mga serbisyo sa pagre-recycle ay makakatulong sa mga negosyong makatipid sa mga singil sa hauling. Ang pagbibigay ng makakain pang pagkain ay sumusuporta sa kawalan ng seguridad sa loob ng ating mga komunidad. Ang hindi pagtatapon ng mga materyales sa mga landfill ay nakakapagpabawi rin ng mahalalagang materyales at binabawasan ang mga inilalabas na greenhouse gas.

Ang gabay na ito ay tutulong sa iyong galugarin ang mga batas na naaangkop sa iyong negosyo at magkaloob ng mga mapagkukunang mayroon para sa iyong negosyo.

Komersyal na Pagre-recycle

Iniaatasan ng batas ng estado **AB 341** ang mga negosyong naglalabas ng 4 na yardang kubiko o mahigit pa ng komersyal na solidong basura kada linggo (kabilang ang basura, maire-recycle, at organiko) na magsaayos ng mga serbisyo sa pagre-recycle. Maaaring gawin ng mga negosyo ang isa o higit pa sa mga sumusunod na aksyog mag-reuse (muling gamitin), mag-recycle, o kung hindi ay hindi itapon ang mga solidong basura:

- Mag-subscribe sa mga serbisyo ng hauling
- Ibigay o ibenta ang mga maire-recycle
- I-haul nang mag-isa ang mga maire-

Pagre-recycle ng mga Organiko

Iniaatasan ng batas ng estado **AB 1826** ang mga negosyong naglalabas ng 2 yardang kubiko o mahigit pa ng komersyal na solidong basura kada linggo (kabuuan para sa basura, maire-recycle, at organiko) na magsaayos ng mga serbisyo sa pagre-recycle.

Kabilang sa mga organikong basura ang itinapong pagkain at papel na narumihan ng pagkain*, mga pinutol na halaman sa bakuran, at kahoy na hindi ginamot/pininturahan.

**Inaatasan ang mga negosyong mag-subscribe sa mga serbisyonang nangongolekta ng itinapong pagkain at papel na narumihan ng pagkain sa oras na magkaroon nito ngunit nang hindi lalampas ng Enero 1, 2022.*

Pagbibigay ng Edukasyon at Pakikibahagi ng mga Kustomer

Inaatasan ng batas ng estado **AB 827** ang mga negosyong napapailalim sa AB 341 at AB 1826 na magbigay ng mga lalagyan para sa maire-recycle at organiko upang makolekta ang mga maire-recycle na nagmula sa mga kustomer mula sa mga produktong binili at nakonsumo sa pasilidad. Ang mga lalagyan ito ay dapat ilagay katabi ng mga lalagyan ng basura; makikita at madaling maa-access ng mga kustomer; at may malinaw na marka.

- Nakatuon ang batas na ito sa mga negosyong nagbebenta ng mga produktong agad na kinokonsumo.
- Ang mga restawran na nagbibigay ng buong serbisyo ay hindi inaataasang magbigay ng mga lalagyan sa mga kustomer, ngunit dapat magbigay ng mga lalagyan sa mga empleyado para ibukod ang mga maire-recycle at organikong nagmumula sa mga kustomer.

